

1. Patnubay sa Trabaho sa mga Tanggapan ng Gobyerno sa Bisperas at sa Bagong Taon.

Ang pangunahing tanggapan pati ang mga sangay ng munisipiyo ay sarado mula ika-29 ng Disyembre hanggang ika-3 ng Enero. Hindi rin available ang pagkuha ng kailangang certificates sa mga convenience stores.

Ang mga abiso o notification sa kapanganakan, diborsyo o pagkamatay at iba pang mga rehistro ay gagawin sa security room sa unang sa palapag ng main building ng city hall. Bilang karagdagan, ang koleksyon ng basura sa katapusan ng Disyembre at mga unang araw ng bagong taon ay isasagawa ayon pa rin sa kalendaryo ng mga araw ng koleksyon. Walang koleksyon ng basura sa una, pangalawa at ikatlong araw ng Enero.

Hinihiling ang pang-unawa at kooperasyon ng lahat.

2. Impormasyon sa Emergency Support para sa Pag-taas ng mga Bayarin sa Kuryente, Gas at Presyo ng Pagkain at iba pa.

Ang cash benefit na 50,000 ¥ ay ipinagkakaloob sa mga households na kung saan ang lahat na miyembro nito ay hindi saklaw sa pagbabayad ng residential tax sa taong 2022 at sa mga pamilyang nabawasan ng bigla ang income mula sa umpisa ng taon.

Sa mga households na kwalipikado sa exemption sa bayarin ng buwis na ito ay makakatanggap ng abiso mula sa pamahalaang lungsod mula umpisa ng Disyembre. Mangyaring tingnan ang nilalaman at gawin ang nararapat na proseso sa aplikasyon.

Bilang karagdagan, ang cash benefits para sa mga households na nagkaroon ng biglang pagliit ng kinita ay ipagkakaloob lamang kung ang lahat ng miyembro ay tinatayang lumiit ang kita at katumbas ng mga households na angkop sa mga kwalipikado sa nasabing tax exemption.

Para sa karagdagang impormasyon ay makipag-ugnayan sa Tochigi City Cash Benefits due to the Increase of Cost of Living sa Tel.No.0282-28-7721.

3. Tungkol sa Assistance Program upang Magpalit ng Energy-Saving Home Appliances.

Ang programa ay magbibigay subsidiya sa bahagi ng halaga ng pagpapalit ng home appliances upang makatipid sa enerhiya gaya ng air conditioner at refrigerator upang mabawasan ang singil ng kuryente.

Ang mga home appliances na nabili sa pagitan ng ika-21 ng Oktubre ngayong taon hanggang sa ika-15 ng Pebrero ng 2023 ay sakop ng subsidiya na ito.

Mag-uumpisa ang pagtanggap ng aplikasyon mula umpisa ng Disyembre hanggang sa ika-15 ng Pebrero ng 2023. Ang mga eligible na produkto ay ang mga air conditioners na nagkakahalaga ng 150,000¥ pataas na may 4-star Unified Energy Conservation label at mga refrigerators na may minimum na 3-star Unified Energy Conservation label. Dapat na binili sa mga pamilihan ng lungsod.

Ang subsidiya ay angkop lamang sa mga pamahayan sa Tochigi City at kung nagpalit lamang ng mga kasalukuyang ginagamit na home appliances.

Bilang karagdagan, ang mga nakatira na rehistradong residente ng lungsod at walang atraso sa bayarin sa buwis ang karapat-dapat sa subsidiyang ito.

Ang halaga ng subsidiya ay 30,000¥ at limitado lamang sa isang yunit ng home appliance sa bawat household.

Ang aplikasyon ay dapat isumite pagkatapos mabili at mailagak ang produkto sa pamahayan dito sa lungsod. Ang tanggapan kung saan isusumite ang aplikasyon ay sa Environment Division sa pangalawang palapag ng main building ng city hall.

4. Tungkol sa Year-End Traffic Safety Campaign ng mga Mamamayan ng Tochigi Ken.

Sa loob ng 21 araw mula ika-11 hanggang sa ika-31 ng Disyembre ay isasagawa ang year-end traffic safety campaign ng Tochigi Ken. Sa ilalim ng slogan na “Itaas ang Traffic Manners” at “Ikaw ang may Pangunahing Role sa Pagtaas ng Traffic Manners”, ay isusulong ang kamalayan at kaligtasan sa trapiko at upang maiwasan ang mga aksidente dulot ng hindi pagsunod ng mahusay sa batas trapiko.

Nakatuon ang kampanya sa pag-iwas sa mga aksidente sa trapiko na kinasasangkutan ng mga bata at matatanda, pagbabawal sa pagmamaneho na lasing, ang kampanya sa “Lights Four (4)” o ang pagbubukas ng ilaw ng sasakyan pagdating ng alas 4:00 ng hapon at sa kampanya rin na “high Beam Fundamental Rule” o ang pagmamaneho gamit ang high beam ng ilaw ng sasakyan kung walang sasakyan sa unahan o kasalubong sa gabi.

Gayundin sa lubusang pagsunod sa alituntunin sa trapiko sa pagsakay sa bisikleta.

Ang bilang ng mga aksidente sa trapiko ay may posibilidad na tumaas tuwing katapusan ng taon dahil itinuturing itong pinaka-abala at hectic na panahon.

Muli hinihiling ang kooperasyon ng lahat sa wastong pagsunod sa batas trapiko at pagsasakatuparan ng mabuting asal at kaugalian sa pagmamaneho.